Phivolcs launches new information materials for children and for the deaf

Determinado ang pamahalaan na mapalawak ang kaalaman ng mga mamamayan sa disaster risk reduction.

Nitong Huwebes (Ika-7 ng Abril, 2011), ipinakita ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs) ang kanilang mga produkto ng Phivolcs-UNESCO Jakarta project noong 2010 kung saan nagpalitan ang Pilipinas, Indonesia, Thailand at ang Timor Leste ng mga nalimbag na mga impormasyon sa lindol, sa tsunami at iba pang mga panganib o hazards.

Mula sa proyekto, limang dayong teaching guides ang napili ng Phivolcs na isapilipino at irekumendang gamitin ng mga paaralan sa bansa.

Ang mga ito ay ang mga "Alam Ko Na", "Mga 11 dapat gawin kapag may lindol", "Talahulugan (Glossary) ng Tsunami", "Tsunami Teacher DVD" at ang "Tsunami Sticker".

Ayon kay Director Renator Solidum ng Phivolcs, pinasubukan at nakapasa ang mga materyales sa mga guro ng mga lungsod ng Pagadian, Malabon at Navotas.

Nasubukan at nakapasa rin ang mga materyales sa isang day care center doon sa Navotas nitong nakaraang Pebrero.

Yung makikitang poster sa video ay isang halimbawa ng Earthquake Safety para sa mga bingi.

Pasensya na po at maugong ang video.

Look also **www.Disaster.Preparedness.PhilippineEducation.ph**